# Poetry

## Hindi Lahat

Hindi lahat
ng malayang dila
ay may tapang,
maging ang pipi
ay sumisigaw.
Hindi lahat ng
mulat ang mata
ay nakakakita.
Maging ang bulag
ay may damdam,
maging ang bingi
ay may alingawgaw
na naririnig
mula sa mga mukhang
may panaghoy
nakayukyok
sa timbuwang
na tinokhang.
Hindi lahat ay naidlip
dala ng takot sa dilim.
May mga nagsandata
ng matatalas na salita, simbangis
ng gulok na
bagong hasa,
at ang iba ay mga paang
dumagundong sa mga kalsada.

Aida F. Santos
25 Oktubre 2017

## Duguan ang Gabi

Mga matang sumisilip
Sa kurtina ng duguang mga gabi,
Nanlilisik sa hindi pagkakatulog
Sapagkat ang bawat gabi'y
May dalang hilakbot:
Bitbit ng dilim ang duguang katawan, tadtad ng bala
At karton ang kumot.

"Huwag tularan."
Ang alin? Tanong ng
mga miron.
"Nakasibilyan ang bumaril
Walang mga pangalan.
Sila ang salarin."
Pabulong na wika
Ng mga nakakitang
Mata'y salamin ng takot.

Hinawi ng araw
Ang sundang na buwan
Mga matang sumisilip
Dilat na, may sibasib
Ng poot at pag-unawa,
May bitbit na karton
Na ang laman ay sandata.

Aida F. Santos
Hunyo 2017